


6

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Pagtatanggol at Pagpapanatili sa Karapatang Pantao at Demokratikong Pamamahala



Araling Panlipunan- Ikaanim na Baitang

Alternative Delivery Mode

Quarter 4 – Module 3: Pagtatanggol at Pagpapanatili sa Karapatang Pantao at Demokratikong Pamamahala

First Edition, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Secretary: Leonor Magtolis Briones

Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Jozel G. Monotilla	
Tagaguhit:	Jennelyn A. Magbanua	
Editor:	Ma. Analyn T. Villamor	Ryan C. Alvarez
	Joy B. Fernandez	Rizza Mae E. Flores
Tagasuri:	Jordan T. Beleganio	Mayo P. Villamor
	Bella P. Balandra	Analee B. ALingco
Tagalapat:	Mayo P. Villamor	Joeval P. Romelo
	Cherry Ann R. Varon	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Arlene G. Bermejo
	Pedro T. Escobarte, Jr.	Ruby Therese P. Almencion
	Elena D. Gonzaga	Nenita P. Gamao
	Donald T. Genine	Jordan T. Beleganio
	Celestino Dalumpines IV	Marlon C. Dublin
	Mary Hazel Vivien Pineda	

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – Region VI- Western Visayas

Office Address: Schools Division of Sagay City
Quezon St., Brgy. Poblacion 1, Sagay City, Neg.Occ. 6122

Telefax: (034) 488-0415; 488-0416

E-mail Address: sagay.city001@deped.gov.ph

6

Araling Panlipunan

**Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
Pagtatanggol at Pagpapanatili sa
Karapatang Pantao at
Demokratikong Pamamahala**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Karapatang pantao, marahil narinig mo na ang salitang ito. Alam mo bang maraming paglabag sa karapatang pantao ang naranasan ng mga Pilipino sa panahong ng Martial Law.

Ano nga ba ang tinatawag na Karapatang pantao? Ano ang mga naging hakbang ng pamahalaan pagkatapos ng People Power I upang mapahalagahan at mapanatili ang karapatang pantao at demokratikong pamamahala?

Sa modyul na ito napahahalagahan ang pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala.

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang makakagawa ng mga sumusunod:

1. Natatalakay ang mga nangyaring paglabag sa karapatang pantao ng mga Pilipino.
2. Maipahayag ang iyong damdamin tungkol sa People Power I.
3. Mabigyang halaga ang pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala.



Subukin

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang √ kung tama ang ipinahahayag na kaisipan at x naman kung ito ay mali.

____ 1. Nagbigay daan sa People Power I ang mga paglabag sa mga karapatang pantao ng mga Pilipino.

____ 2. Naging marahas ang naganap na demonstrasyon laban sa pamahalaang diktatoryal ni Pangulong Marcos.

____ 3. Marami ang nakilahok sa People Power I o Rebolusyon sa EDSA.

____ 4. Naging matagumpay ang mapayapang demonstrasyon sa pagkamit ng inaasam-asam na kalayaan.

____ 5. Marami ang humanga sa ipinakitang pagkakaisa ng mga Pilipino.

Aralin

1

Pagtatangol at Pagpapanatili sa Karapatang Pantao at Demokratikong Pamamahala

Ang Himagsikan ng Lakas ng Bayan, na tinatawag ding Rebolusyon sa EDSA ng 1986 o “People Power I” ay isang mapayapang demonstrasyon na nagtagal ng apat na araw sa Pilipinas, mula Pebrero 22 hanggang Pebrero 25 ng taong iyon. Ipinakita ng mga Pilipino ang kanilang katapangan at pagkakaisa sa demokratikong pamamaraan upang makamit ang inaasam-asam na demokrasya at katarungan.



Balikan

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **MALI** naman kung kabaliktaran.

- ___ 1. Isa sa mga nagpasimuno ng People Power I si Fidel V. Ramos.
- ___ 2. Naging madugo ang People Power I.
- ___ 3. Pagkakaisa ang susi ng tagumpay ng People Power I.
- ___ 4. Malaki ang ambag ng simbahan sa tagumpay ng People Power I.
- ___ 5. Isa sa mga pangyayaring nagtulak upang magkaroon ng People Power I ay ang pagpatay kay Ninoy Aquino.



Tuklasin

Bayan Ko

Freddie Aguilar

Ang bayan kong Pilipinas
Lupain ng ginto't bulaklak
Pag-ibig na sa kanyang palad
Nag-alay ng ganda't dilag

At sa kanyang yumi at ganda
Dayuhan ay nahalina
Bayan ko, binihag ka
Nasadlak sa dusa

Ibon mang may layang lumipad
Kulungin mo at umiiyak
Bayan pa kayang sakdal-dilag
Ang 'di magnasang makaalpas
Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha at dalita
Aking adhika

Makita kang sakdal laya
Ibon mang may layang lumipad
Kulungin mo at umiiyak
Bayan pa kayang sakdal-dilag
Ang 'di magnasang makaalpas
Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha at dalita
Aking adhika

Makita kang sakdal laya...

Awitin ang kantang “Ang Bayan Ko”. Nagustuhan mo ba ang kanta? Ano ang mensaheng ipinapahiwatig ng kanta? Bakit mahalaga ang kalayaan ng isang bansa?



Suriin

Matapos ang People Power sa EDSA, hinarap naman ng mga sumunod na pangasiwaan ang pagpapatatag ng demokrasya sa bansa. Taglay ang aral mula sa dalawang dekada ng pamahalaang Marcos, tiniyak ng sumunod na mga pangulo na iiral muli ang batas, katarungan, at demokratikong pamumuhay sa Pilipinas.

Hindi naging madali sa simula ang panunungkulan ni Pangulong Corazon Aquino. Ang pagbagsak ng pamahalaang diktatorial ay simula pa lamang ng mas masalimuot na proseso ng pagbangon at pagbabago sa bansa. Kasunod ng Himagsikang People Power I na nagpatalsik kay Ferdinand Marcos at kasunod ng kaniyang inagurasyon, si Pangulong Corazon Aquino ay nagpahayag ng Proklamasyon Blg. 3 noong Marso 25, 1986 na nagdedeklara ng pambansang patakaran (Freedom Constitution) upang ipatupad ang mga repormang minandato ng mga tao, magprotetka ng kanilang mga pangunahing karapatan, pagtanggap ng isang pansamantalang saligang batas, at pagbibigay ng maayos na salin sa isang pamahalaang nasa ilalim ng bagong saligang batas. Kalaunan ay nag-isyu si Pangulong Corazon Aquino ng Proklamasyon Blg. 9 na lumilikha ng isang komisyonang konstitusyonal (na pinaikling "ConCom") upang ibalangkas ang isang bagong saligang batas na magpapalit sa Saligang Batas ng 1973 na ipinatupad noong panahon ng batas militar sa ilalim ni Marcos. Humirang si Aquino ng 50 kasapi sa komisyon. Ang mga kasaping ito ay hinugot mula sa iba't ibang mga karanasan kabilang ang ilang mga dating kongresista, dating hepeng hustisya ng Korte Suprema ng Pilipinas na si Roberto Concepcion, isang obispong Katoliko at direktor ng pelikulang si Lino Brocka. Si Aquino ay sadyang humirang din ng 5 kasapi nito kabilang ang dating Ministro ng Empleyo na si Blas Ople na dating kaalyado ni Marcos hanggang sa pagpapatalsik dito. Pagkatapos magtipon ang komisyon, hinalal nitong pangulo si Cecilia Muñoz-Palma na umahon bilang pangunahing pigura sa oposisyong laban kay Marcos kasunod ng pagreretiro ni Muñoz-Palma bilang unang babaeng kasamang mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas.


Tinapos ng komisyon ang burador ng dokumento sa loob ng apat na buwan matapos itong magtipon. Ang ilan sa mga isyu ay mainit na pinagdebatehan sa mga sesyon kabilang ang anyo ng pamahalaan na kukunin, pagbuwag ng parusang kamatayan, ang patuloy na pagpapanatili

ng base militar ng Estados Unidos sa Clark at Subic, at ang integrasyon ng mga patakarang pang-ekonomika sa saligang batas. Nakumpleto ng ConCom ang trabaho nito noong 12 Oktubre 1986 at inihain ang burador ng Saligang Batas kay Pangulong Corazon Aquino noong 15 Oktubre 1986. Pagkatapos ng yugto ng pambansang pangangampanya ng impormasyon, ang isang plebisito para sa pagpapatibay nito ay isinagawa noong 2 Pebrero 1987. Higit sa 3/4 o 76.37% ng mga botante (17,059,495 botante) ang bumoto ng pabor dito at 22.65% (5,058,714 botante) ang bumoto ng laban sa pagpapatibay nito. Noong 11 Pebrero 1987, ang bagong konstitusyon ay prinoklamang napagtibay at pinatupad. Sa parehong araw, si Pangulong Corazon Aquino, ang mga iba pang opisyal ng pamahalaan at Pwersang Sandatahan ng Pilipinas ay sumumpa ng katapatan sa saligang batas.

Matatandaan na ang paglabag sa karapatan ang isang salik na nagpabagsak sa pamamahala ni Pangulong Marcos. Ang mga taong naghamak bumangga kay Marcos noon ay dumanas ng karumal-dumal na pang-aabuso at pananakit, tulad ng pangunguryente, pagpapa-upo sa bloke ng yelo at iba pa. Ang pag suspinde ng *Writ of habeas corpus* o ang pagkulong sa tao na walang paglilitis, pagsupil sa malayang pamamahayag o *freedom of press*, panggagahasa at *extra judicial killings* ay iilan lamang sa mga nilabag na karapatang pantao noong panahon ni Pangulong Marcos.


Kabilang sa naging pangkalahatang patakaran ng bagong demokratikong pamahalaan ang pagsulong sa karapatang pantao ng mga Pilipino. Tiniyak din na magiging mapayapa ang bansa sa pamamagitan ng paglulunsad ng kampanya laban sa krimen at rebelyon. Hinarap din ang matagal na napabayaaang ekonomiya ng Pilipinas. Mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, binigyang priyoridad ang pag-angat ng kabuhayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng mga trabaho, reporma sa lupa, industrialisasyon, at iba pang programang pangkabuhayan.

Makalipas ang ilang buwang pamamahala ni Pangulong Corazon Aquino ay sadyang masasabing nanumbalik ang demokrasya sa bansa. Sa pamamagitan ng iba't-ibang programa ng mga pangulo mula noong 1986, inaasahan ng mga Pilipino na hindi lamang aangat ang kanilang kabuhayan. Bagkus, umaasa ang marami na ang naturang mga programa ay makatutulong na mapanatili at mapagtibay ang demokrasya sa bansa.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang seleksiyon/diyalogo at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa papel ang sagot.



Tatay Jose: Saan ka pupunta anak? Bakit ka nakabihis?

Angelo: Pupunta po ako kina James itay.

Tatay Jose: Ano ang gagawin mo doon? Hindi mo ba alam na bawal lumabas ngayon ng bahay?

Angelo: Naku naman itay, nababagot na po ako dito. Gusto ko na pong lumabas.

Tatay Jose: Anak, nasa ilalim tayo ng community quarantine dahil sa pandemyang nararanasan natin ngayon. Bawal lumabas kung di naman gaanong importante ang iyong pupuntahan.

Angelo: Para naman po tayong bilanggo itay. Wala na po tayong kalayaan na gawin ang gusto nating gawin.

Tatay Jose: Para din sa ikabubuti natin ito anak, kaya yan ang ginagawa ng ating pamahalaan. Alam mo ba na nararanasan ko din yan noon. Hindi lamang ako kundi ng iba ding mga Pilipino. Ang hindi mo magawa ang nais mong gawin. Walang kalayaan.

Angelo: Talaga po itay? Kailan po? Ano po ang nangyari?

Tatay Jose: Oo anak, nung panahon ng “Martial Law”. Maraming mga bagay ang ipinagbawal noon ng pamahalaan. Nagkaroon din ng curfew tulad ng nangyayari ngayon.

Angelo: May pandemya din po ba noong mga panahong iyon?

Tatay Jose: Wala anak, naging mahigpit lang ang pamumuno ni Pangulong Ferdinand Marcos. Maraming Pilipino ang nakaranas ng pang-aabuso na umabot na sa paglabag ng mga karapatang pantao nga mga Pilipino. Ito ang naging dahilan kung bakit nagkaroon ng People Power?

Angelo: People Power po? Ano po yun?

Tatay Jose: Ang People Power o EDSA I ay isang mapayapang demonstrasyon na nagtagal ng apat na araw sa Pilipinas, mula Pebrero 22 hanggang Pebrero 25 ng taong iyon. Nag-ugat ang nasabing rebolusyon sa serye ng mga kilos protesta ng mga tao laban sa diktaturyang pamumuno ni Ferdinand Marcos. Maraming mga tao ang nakilahok dito-mga sibilyan, militar at mga alagad ng simbahan.

Angelo: Di po ba kapag may mga demonstrasyon ito ay magulo, may mga karahasang nangyayari? Pero bakit po sabi niyo po ito ay mapayapa?

Tatay Jose: Tama yan anak. Ito ay mapayapang demonstrasyon. Kaya nga ang kaganapang ito sa ating bansa ay lubos na hinangaan ng ibang bansa. Dahil dito napatunayan na kapag may pagkakaisa sa mamamayan walang imposible at hindi lahat ay nadadaan sa dahas. Ipinakita natin sa buong mundo ang kakayahan ng mga Pilipinong magsagawa ng pagbabago sa mapayapang paraan. Ang EDSA ay simbolo ng pagkakaisa para sa iisang layunin at ito ay ang pagbabago para sa kabutihan ng sambayanan.

Angelo: Talaga po itay?

Tatay Jose: Oo anak, importante ang pagkakaisa. Dahil sa nangyaring People Power, naging malaya tayo sa diktaturyang pamamahala ni Marcos. Bumalik ang demokrasya at nabigyang halaga ang karapatang pantao ng bawat Pilipino.

Angelo: Sobra pa po pala ang naranasan ng mga Pilipino noon kaysa sa mga nangyayari sa atin ngayon itay.

Tatay Jose: Oo anak. Pero alam mo ba na hindi lang doon nagtatapos ang kasaysayan ng EDSA sa buhay nating mga Pilipino?

Angelo: Ano po ang ibig ninyong sabihin itay?

Tatay Jose: Ang naranasan natin ngayong pandemya at kalamidad ay patunay lamang na buhay ang diwa ng EDSA I sa bawat Pilipino. Makikita ang pagkakaisa at bayanihan ng bawat Pilipino sa pagharap ng mga suliranin. Patuloy na pinakikinggan ng gobyerno ang mga hinaing lalo na ng mga mahihirap. Sinisikap din ng gobyerno na masolusyonan at matugonan ang mga pangagailangan ng mga mamamayan.

Angelo: Tulad po ng nangyari sa People Power I, dapat po tayong magkaisa para matagumpay nating malabanan ang pandemyang naranasan natin ngayon. Ang pagtulong sa kapwa natin na apektado ng kalamidad na naranasan natin ay patunay lamang na tayo ay may malasakit sa ating kapwa. Lubos na kailangan ng ating pamahalaan ang ating tulong. At muli, patutunayan natin na kaya nating harapin ang problemang ito dahil tayo ay nagkakaisa.

Tatay Jose: Naku! Tama yan anak. Salamat at naiitindihan mo na.

Mga tanong:

1. Bakit tinaguriang mapayapang demonstrasyong ang EDSA People Power I? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

2. Batay sa nabasang diyalogo, ano-ano ang mga pangyayaring naganap sa EDSA I? Paano nakaapekto sa buhay ng mga Pilipino ang mga pangyayaring ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Isaisip

- Ang People Power o EDSA I ay isang mapayapang demonstrasyon na nagtagal ng apat na araw sa Pilipinas, mula Pebrero 22 hanggang Pebrero 25 ng taong iyon.
- Ang mga taong nagha-hamak bumangga kay Marcos noon ay dumanas ng karumal-dumal na pang-aabuso at pananakit, tulad ng pangunguryente, pagpapa-upo sa bloke ng yelo at iba pa. Ang pag suspinde ng *Writ of habeas corpus* o ang pagkulong sa tao na walang paglilitis, pagsupil sa malayang pamamahayag o *freedom of press*, panggagahasa at *extra judicial killings* ay iilan lamang sa mga nilabag na karapatang pantao noong panahon ni Pangulong Marcos.
- Ang EDSA ay simbolo ng pagkakaisa para sa iisang layunin at ito ay ang pagbabago para sa kabutihan ng sambayanan.
- Matapos ang People Power sa EDSA, hinarap naman ng mga sumunod na pangasiwaan ang pagpapatatag ng demokrasya sa bansa. Taglay ang aral mula sa dalawang dekada ng pamahalaang Marcos, tiniyak ng sumunod na mga pangulo na iiral muli ang batas, katarungan, at demokratikong pamumuhay sa Pilipinas.
- Mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, binigyan ng priyoridad ang pag-angat ng kabuhayan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng mga trabaho, reporma sa lupa, industrialisasyon, at iba pang programang pangkabuhayan.



Isagawa

Panuto: Kumpletuhin ang tsart sa ibaba upang mabuo ang impormasyong hinahanap. Isulat ang sagot sa papel.

Mga paglabag sa Karapatang Pantao	Epekto sa buhay ng mga Pilipino	Mga hakbang na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa karapatang pantao
Pang-aabuso at pananakit		
Pagsupil sa malayang pamamahayag		
Pagsuspende ng <i>Writ of Habeas Corpus</i>		
<i>Extra Judicial Killing</i>		
Panggagahasa sa kababaihan		



Tayahin

1. Panuto: Gumawa ng sanaysay na nagpapahayag ng iyong damdamin tungkol sa kahalagan ng pagtatanggol at pagpapanatili sa karapatang pantao at demokratikong pamamahala. Gamiting gabay ang rubrik sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

KRAYTIRYA SA PAGSUSULAT NG SANAYSAY	
Nilalaman	45%
Kaugnayan sa Tema	30%
Paggamit ng Salita	25%
Kabuuan	100%



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang *reflection journal* sa iyong kwaderno tungkol sa magandang epekto ng pagkakaisa ng mga Pilipino. Gawing batayan ang rubriks sa ibaba.

Pamantayan	Katangi-tangi 12-15	Mahusay 11-8	Kailangan pa ng Dagdag na Pagsasanay 5-7	Nakuhang Puntos
Impormasyon	Tiyak at kompleto ang mga impormasyon	Tiyak ngunit may ilang kulang sa mga impormasyon	Hindi tiyak at maraming kulang sa mga impormasyon	
Paglalahad ng mga Reaksiyon o Opinyon	Malinaw at makatwiran ang lahat ng mga reaksiyon o opinyon	Malinaw ngunit hindi makatwiran ang ilang mga reaksiyon o opinyon	May kalabuan ang ibinigay na reaksiyon, opinion at katwiran	
Ilustrasyon o Halimbawa	Sapat, angkop, at maayos na naihanay ang mga ilustrasyon at halimbawa upang mabigyang diin ang mga punto	May ilang angkop, na ilustrasyon at halimbawa upang mabigyang diin ang mga punto	Hindi gumamit ng ilustrasyon at halimbawa	



Susi sa Pagwawasto

<p>Pagmamaliin Answers may vary</p> <p>Isagawa Answers may vary</p>	<p>Balikán</p> <p>1. Mali 2. Mali 3. Tama 4. Tama 5. Tama</p>	<p>Subukin</p> <p>1. / 2. x 3. / 4. / 5. /</p>
---	--	--

Sanggunian

Teofista L.Vivar, PhD., et.al., Pilipinas: Kasaysayan at Pamahalaan,
Batayang Aklat sa Unang Taon, (Edisyon 1997),pahina 203-2014

Florencia C. Domingo, PhD., et. al., Pilipinas: Isang Sulyap at
Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan I (Binagong
Edisyon 2010), pahina 233-241

Saligang Batas ng Pilipinas,
<https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph